TAGALOG

Katiyakan sa Kahusayan ng Paalagaan ng Pamilya sa Araw

Family Day Care Quality Assurance

# Handbook

## Munting Aklat

Second Edition 2004

National Childcare Accreditation Council

© Gobyerno ng Australya, 2004

ISBN 0-9750664-4-7

Ang gawaing ito ay protektado ng karapatan sa pagmamay-ari. Liban sa mga paggamit na pinapayagan ng Copyright Act ng 1968, at/o sa mga pakay na sang-ayon sa kagustuhan ng naglathala, walang bahagi ang maaaring kopyahin sa anumang paraan ng walang nakasulat na pahintulot mula sa National Childcare Accreditation Council.

Dinisenyo ng National Childcare Accreditation Inc.

Inilathala ng National Childcare Accreditation Council Inc., Level 3, 418a Elizabeth Street, Surry Hills NSW 2010, Australia (www.ncac.gov.au).

# Mga Nilalaman


Panimula 3

Ano ang Mahusay na Paalagaan ng mga Bata? 4

Bakit Mahalaga ang Kahusayan sa Paalagaan ng mga Bata 4

Ang Pagkakabuo ng Katiyakan sa Kahusayan ng Paalagaan ng Pamilya sa Araw (Family Day Care Quality Assurance) (FDCQA) 5

Mga Lathalain ng FDCQA 5

Ang 6 na mga Bahagi ng Kahusayan at 30 mga Prinsipyo 6

Ang Proseso ng FDCQA 8

Ang mga Batayang Kinakailangan Para sa Pagkilala 10

Ang Sirkulo ng Patuloy na Pagpapahusay 10

Ang Komite sa Pagsuring-muli ng mga Desisyon sa Pagkilala (Accreditation Decisions Review Committee) (ADRC) 11

Ang Pagtutustos sa Benepisyo ng Paalagaan ng mga Bata at Kasiya-siyang Pakikisali at Pag-uunlad sa FDCQA 11

FDCQA at ang Batas sa Paglilisensya 11

FDCQA at mga Reklamong Natanggap ng National Childcare Accreditation Council Tungkol sa mga Pamamaraang Paalagaan ng Pamilya sa Araw 12

Tungkol sa National Childcare Accreditation Council 12

Karagdagang Impormasyon 12

# Pagpapanimula

Ang Katiyakan sa Kahusayan ng Paalagaan ng Pamilya sa Araw (Family Day Care Quality Assurance - FDCQA) ay naglalayong magbigay ng mataas na kalidad ng pag-aalaga sa mga batang nasa mga paalagaan ng pamilya sa araw sa buong Australya na siyang pinakamagaling na makapagpapaunlad sa kanilang pag-aaral at pagsulong habang nasa mga maselang unang taon. Ang malawak na layunin ng FDCQA ay tiyakin na ang mga bata sa paalagaan ng pamilya sa araw ay may mga nakapagpapasigla, magagandang karanasan at inter-aksiyong magpapayaman sa lahat ng bahagi ng kanilang paglaki. Ginagawa nito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng kahusayan sa paalagaan at sa pagbibigay ng paraang pansukat sa kalidad ng pag-aalaga na naidudulot ng pamamaraan at sa pagtutukoy sa mga bahaging kailangang patuloy na pagsulong ng kalidad.

Ang FDCQA ay isang inisyatiba ng Gobyernong Australyano na kaugnay sa pagpapatibay sa Benepisyo sa Pangangalaga sa Bata (Child Care Benefit) at Tulong sa Pamamahala (Operational Assistance) ng mga pamamaraan sa paalagaan ng pamilya sa araw[1]. Magmula ng simulan noong unang araw ng Hulyo 2001, ang FDCQA ay pinamamahalaan ng National Childcare Accreditation Inc (NCAC).

Habang may mga boluntaryong sistema ng pagbibigay-kapangyarihan para sa mga serbisyong pambata sa ibang bansa, ang FDCQA ng Australya ay natatangi sa buong mundo dahil ito ang unang programang pagbibigay-katiyakan sa kalidad ng mga serbisyong paalagaan ng pamilya sa araw na nakaugnay sa pagtutustos sa paalagaan ng mga bata sa ilalim ng batas at tutustusan at susuportahan ng Gobyernong Pederal. May mga matagumpay na sistema ng pagkakilala na gumagana sa mga serbisyo ng mga sentro ng mahabang araw na paalagaan at mga paalagaan pagkatapos ng eskuwela sa Australya[2]. Ang pagbabago sa FDCQA para sa paalagaan ng pamilya sa araw ay magpapalawak ng impormasyon na magagamit ng mga pamilya sa pagpili ng paalagaan sa kanilang mga anak.

Ang FDCQA ay binase sa mga kasalukuyang kaalaman tungkol sa mahusay na gawain sa pag-aalaga ng bata mula sa pagsasaliksik at karanasan, at mula sa mga malawakang pagtatanong sa mga paalagaan ng pamilya sa araw at mga ibang serbisyong pambata. Ang Patnubay sa mga Mahusay na Kagawian ng FDCQA (FDCQA Quality Practice Guide) ay nagbabalangkas sa mga 6 na Bahagi ng Kahusayan at mga 30 Prinsipyo ng mahusay na pag-alaga. Kasama rin ang mga pagkilanlan (indicators) sa kahusayan na patnubay sa mga kagawian sa mga pamaraang paalagaan ng pamilya sa araw.

---

1 Para sa mga layunin ng FDCQA, kasama sa salitang "scheme"(pamamaraan) ang mga tagapag-alaga, mga kawani sa pamamahala at ang pangasiwaan.

2 Katiyakan ng Kahusayan sa Paalagaan Pagkatapos ng Eskuwela (Outside School Hours Care Quality Assurance) (OSHCQA) para sa mga serbisyong pag-aalaga sa mga oras ng walang eskuwela at ang Sistema ng Pagpapahusay at Pagbibigay-kapangyarihan (Quality Improvement and Accreditation System) (QIAS) para sa mga sentro ng paalagaan sa mahabang oras.

## Ano ang Mahusay na Paalagaan ng Bata

Ang mga mahusay na serbisyo ng pag-aalaga sa bata ay ang pagbibigay ng serbisyong higit pa sa pag-aalaga ng *bata* – ang mahusay na pangalagaan ng pamilya sa araw ay nagsusulong ng magandang ugnayan sa pagitan ng mga tagapag-alaga, mga bata at kanilang mga pamilya. Nagbibigay ito sa mga bata ng mga karanasang nagpapalawak sa kanilang pag-iisip at wika, tinutulungan silang matuto at lumaki.

**Ang isang mahusay na pamamaraang (scheme) paalagaan ng pamilya sa araw ay:**

- May malinaw na pilosopya at mga layunin, na pinagkasunduan ng mga tagapag-alaga, kawani, pangasiwaan at ang mga pamilya, na siyang nagpapatnubay sa lahat ng mga gawain sa pamamaraan,
- Naunawaan, iginagalang at isinusulong ang pagka-indibidwal at ang pagtutulungan ng lahat ng mga bata, kasama na ang mga bata mula sa magkakaibang pinagmulan at mga batang may karagdagang pangangailangan.
- Tinitimbang kung nararapat ang lahat ng mga karanasan at gawain na makakaapekto sa pag-unlad ng mga bata, at
- Hinihikayat ang mga pamilya na makialam sa pamamaraan at isulong ang pag-uugnayan sa pagitan ng mga tagapag-alaga, kawani at pamilya upang magkatulungan sa kanilang may pagkakaugnay na mga tungkulin.

Ang mahusay na pag-aalaga ay galing sa isang malusog na saligang kaalaman tungkol sa mga murang taon ng bata, kasama na ang kung paano sila matuto at lumaki. Nalalaman ng mga tagapag-alagang nagbibigay ng pinakamahusay na pag-aalaga kung ano ang mga nararapat na mga karanasan at inaasahan ng mga batang may ibat-ibang gulang at sila ay may matalas na pakiramdam sa mga pang-indibidwal at kultural na bahagi sa kanilang pagsulong. Alam din ng mga tagapag-alagang ito kung paano makipag-usap at magkaroon ng natatanging pakipag-ugnayan sa mga bata. Gagawa sila ng isang kapaligiran na may balanseng mga nakakapagpagana, nakaplano at kusang mga karanasan at ang pagbabalanse rin sa mga panahong may ginagawa at nakakapagpahinga, ibinabagay sa kagustuhan at pangangailangan ng bawat bata.

Ang pagpapahusay ng kalidad ay isang prosesong pinagtutulungan ng lahat na kasali sa pamamaraan. Hinihikayat ng FDCQA ang bawat pamamaraan at ang mga pamilya na magtulungan sa kanilang magkakaugnay na katungkulan upang bigyang kahulugan ang pilosopya at mga layuning papatnubay sa mga nararapat na karanasan ng mga bata, ang estilo ng mga pag-uugnayan at lahat na mga gawain sa pamamaraan.

Lahat ng mga pamamaraan sa paalagaan ng pamilya sa araw na nagpatala sa NCAC na makisali sa FDCQA ay kinakailangang magsagawa ng mga magkakaugnay na proseso para sa patuloy na pagpapahusay. Habang ang bawat pamamaraan ay pipili ng kanilang mga gagawin upang makamit nito, iniuutos ng NCAC na ang mga pamamaraan ay magpakita na:

(a) mayroon silang gumaganang proseso ng pagpapahusay; at

(b) ang mga prosesong ito ay regular nilang tinatasa ikinukumpara sa batayang nakabuod sa *Patnubay sa mga Mahusay na Kagawian ng FDCQA* (2004) *(FDCQA Quality Practices Guide* (2004).

## Bakit Kinakailangan ang Kahusayan sa Pag-aalaga ng Bata

Nitong nakaraang mga taon, ang bilang ng mga batang mula pagkapanganak hanggang primarya na inaalagaan sa labas ng kanilang tahanan ay biglang dumami dahil sa pagdami ng mga pamilyang ang dalawang magulang ay nagtatrabaho o sa kaso ng isa lang ang magulang, ito rin ay nagtatrabaho. Ang nagbabago at lumalawak na pangangailangan ng mga pamilya sa Australya, kasama rito ang mga mayroon o walang kaugnayan sa trabahong pag-aalaga, ay nasasalamin sa paglaki ng pangangailangan sa mga serbisyo ng pag-aalaga sa mga bata. Ang pangkaraniwang haba ng oras na gugugulin sa pag-aalaga ng bata ay lalong dumarami. Ang mga musmos pang bata ay maaaring manirahan sa paalagaan ng 12,500 na oras bago magsimulang mag-eskwela. Iyan ay mas mababa sa 500 oras kaysa gugugulin ng bata sa mga leksiyon sa loob ng 13 taong pag-aaral[3].

Ang kalidad ng pag-alaga sa mga batang musmos, ang kanilang mga karanasan at ugnayan sa pag-aaral, lalo na sa mga unang taon ng buhay, ay maselan sa paghubog ng kanilang hinaharap. Tinatanggap ng karamihan ngayon na mas marami tayong mapag-aaralan sa unang limang taon sa buhay kaysa sa ibang limang taunang panahon. Ayon sa mga pagsasaliksik sa pag-unlad ng utak, ipinakikita na ang mga magagandang karanasan sa unang mga taon, katulad ng pagbibigay ng napakahusay na pag-aalaga ng bata, ay nagpapasulong sa pag-unlad ng mga bata. Ang mga mahusay na serbisyo sa pag-aalaga sa bata ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapalago ng natututunan at pagtamo ng mga tagumpay sa buhay ng mga bata, sa pagbibigay ng mga maraming magagandang pagkakataon at kalalabasan sa habang buhay at nababawasan ang pagiging sakitin sa pagtanda.

Ang paglago ng ating kaalaman tungkol sa mga batang musmos, ang laging pagbabago at maramihang mga pangangailangan ng pamilya, ang dami ng mga bata sa paalagaan, at ang haba ng oras na ginugugol nila sa paalagaan ang siyang nagbunsod sa kahalagaan ng

[3] Sa paalagaan sa bata: 50 (mga linggo) x 50 (mga oras) x 5 (mga taon) = 12 500 oras  Sa eskuwela: 40 (mga linggo) x 25 (mga oras) x 13 (mga taon) = 13 000 oras

FDCQA sa pagbibigay ng mataas na kalidad na pag-aalaga para sa mga bata sa mga pamamaraan ng paalagaan ng pamilya sa araw ng buong Australya.

Habang ang mga paalagaan ng pamilya sa araw ay kilala na sa pagbibigay ng mahusay na pangangalaga, layunin ng sistemang FDCQA na makilala itong kaalaman sa pag-alaga sa pamamagitan ng proseso ng pagbibigay-kapangyarihan. Ang pinakasukdulang layunin ng FDCQA ay isulong at tiyakin ang mga mahuhusay na resulta para sa mga 93 450 na batang nasa mga paalagaan ng pamilya sa araw dito sa Australya[4].

## Ang Pagkabuo ng Katiyakan sa Kahusayan sa mga Paalagaan ng Pamilya sa Araw

Ang NCAC ay responsable sa pamamahala ng Katiyakan sa Kahusayan para sa Paalagaan ng Pamilya sa Araw (Family Day Care Quality Assurance) mula sa unang araw ng Hulyo 2001. Ngunit, ang pagbubuo ng FDCQA ay matagal nang nasa unahan sa usapin ng komunidad ng mga paalagaan ng pamilya sa araw ng Australya magmula pa noong kalagitnaan ng 1990.

Sa patakarang *Katiyakan sa mga Pamilya (Certainty for Families)* na inilabas bago mag-eleksiyon noong Pebrero 1996, ang Gobyerno ng Australya ay nagpahayag ng kapanagutan sa katiyakan ng kahusayan sa pang-araw na paalagaan ng pamilya. Mula sa pananagutang ito, napakaraming paghahanda ang isinagawa. Sa panahon ding ito, sinimulan ng mga gobyerno sa Estado at Teritoryo ang paglilisensya ng mga paalagaan ng pamilya sa araw. Kasama sa mga mahalagang nangyari sa pagbuo ng FDCQA ay ang paggawa ng mga Pambansang Batayan para sa paalagaan ng pamilya sa araw noong 1997 at ang pagtatag noong 1998 ng Gumagawang Pangkat ng Paalagaan ng Pamilya sa Araw para sa Katiyakan ng Kahusayan (Family Day Care Working Party on Quality Assurance) na siyang responsable sa paggawa ng modelo sa katiyakan ng kahusayan para sa paalagaan ng pamilya sa araw.

Noong 2000 at 2001, isang modelo at kagamitan sa sariling pagtatasa na magsusuporta sa sistema ng katiyakan ng kahusayan ay binuo. Labing-isang pamamaraan ng paalagaan ng pamilya sa araw mula sa ibat-ibang lugar ng Australya ay naging bahagi sa anim na buwang pagsubok sa panukalang modelo at kagamitan ng sistema sa katiyakan ng kahusayan. Ang programa ng pagsubok ay ginawa sa bawat Estado at Teritoryo upang matiyak na maisasama ang pagkapambihira at pagkakaiba ng mga paalagaan ng pamilya sa araw.

Isang serye ng mga pagtatanong na pagtitipon sa kabuuang Australya na pinangunahan ng Department of Family and Community Services ang ginanap noong Mayo 2001 upang ipaalam sa sektor ng paalagaan ng pamilya sa araw ang tungkol sa iminungkahing sistema ng katiyakan sa kahusayan at upang mangalap ng mga komentaryo tungkol dito.

Magmula nang implementasyon ng FDCQA noong Hulyo 2001, ang NCAC ay masigasig na nangangalap ng mga komentaryo mula sa komunidad ng paalagaan ng pamilya sa araw tungkol sa lahat ng mga aspeto ng sistema.

Ang mga komentaryong nanggaling sa komunidad ng paalagaan ng pamilya sa araw ay nakatulong ng malaki sa proseso ng pagsusuring-muli sa FDCQA *Quality Practices Guide* (1st edition, 2001).

Sa pakikipagtulungan ng National Family Day Care Council ng Australya (NFDCCA), nagbuo ang NCAC ng isang mapagtatanungang pangkat ng mga tagadulot ng paalagaan ng pamilya sa araw upang makipagtulungan sa mga kawani ng NCAC sa pagrebisa sa unang edisyon.

Ang NCAC ay nagpapasalamat sa NFDCCA at ang mapagtatanungang pangkat dahil sa tulong nila sa paggawa ng FDCQA *Quality Practices Guide* (2nd edition, 2004). Natitiyak ang NCAC na mapapansin ng mga pamamaraang paalagaan ng pamilya sa araw na ang ikalawang edisyon ay mas maganda kaysa nauna at nagpapakita ng mabilis na pag-unlad ng sektor.

Para sa mga dagdag na detalye tungkol sa pag-unlad ng FDCQA, tingnan ang Addendum to the FDCQA *Quality Practices Guide* (2004).

## Mga Nilimbag ng FDCQA

Ang *FDCQA Handbook* (2004) ay nagbibigay ng buod ng FDCQA at nilimbag na kasama ng *FDCQA Quality Practices Guide* (2004) at FDCQA *Self-study Report* (2004). Ang mga nilimbag na ito ay sadyang ginawa upang maging patnubay at makatulong sa mga pamamaraan sa pagpaplano sa pagpapahusay sa mga kagawian sa pag-aalaga at para masagot ang mga pangangailangan sa pag-uulat ng FDCQA. May mga librong naunang ibinigay sa mga pamamaraang paalagaan ng pamilya sa araw na nakatalang makisali sa FDCQA. Maaaring makabili ng mga dagdag na kopya mismo sa NCAC, at makakakopya ng libre mula sa NCAC website (www.ncac.gov.au).

[4] Sensus ng 2002 sa mga Serbisyo sa Pag-aalaga ng Bata (2002 Census of Child Care Services), Department of Family and Community Services

# Ang 6 na mga Bahagi ng Kahusayan at 30 mga Prinsipyo

## **Bahagi ng Kahusayan 1 –** Pakikisalamuha

Prinsipyo 1.1: Ang mga tagapag-alaga at mga kawani ay makikisalamuha sa lahat ng bata sa masigla, mapagkaibigan at magalang na paraan

Prinsipyo 1.2: Ang pakikipagbalitaan sa pagitan ng mga kawaning namamahala at mga pamilya ay epektibo at sumusuporta sa pagkaka-alaga ng bata

Prinsipyo 1.3: Ang pakikipagbalitaan sa pagitan ng mga tagapag-alaga at mga pamilya ay epektibo at sumusuporta sa pamilya at bata na manatili sa paalagaan

Prinsipyo 1.4: Ang personal na kaayusan sa sarili at pamilya ng tagapag-alaga ay nagbibigay ng masayang kapaligiran ng bahay na nakakasuporta sa pagbibigay ng pang-araw na paalagaan sa pamilya

Prinsipyo 1.5: Ang mga ugnayan sa loob ng pamamaraan ay nagpapahalaga ng pagkakaiba, pagtutulungan, paggalang sa isat-isa, pagkakaunawaan at propesyonalismo.

## **Bahagi ng Kahusayan 2 –** Kapaligirang Pisikal

Prinsipyo 2.1: Ang mga lugar sa labas at loob ng bahay ng tagapag-alaga at ang mga lugar ng palaruan ay nakakahikayat, maginhawa at kagiliw-giliw sa bata*.

Prinsipyo 2.2: Lahat ng mga bata ay makakagamit sa ibat-ibang mga nakakawiling materyal at kagamitan

Prinsipyo 2.3: Ang mga kagamitan na ginagamit ng namamahala ay nakakahikayat at madaling gamitin.

## **Bahagi ng Kahusayan 3 –** Ang mga Karanasan, Pag-aaral at Paglaki ng mga Bata

Prinsipyo 3.1: Ang pagtugon ng mga tagapag-alaga sa mga kagustuhan at kakayahan sa lahat ng mga bata sa paraang makakatulong sa kanilang pag-aaral na katulad sa loob ng bahay.

Prinsipyo 3.2: Ang mga namamahalang kawani ay magsusuporta sa pag-aaral ng mga bata sa pamamagitan ng pagbisita sa bahay at/o mga panahon ng laro

Prinsipyo 3.3: Ang mga tagapag-alaga at namamahalang kawani ay magpapatnubay sa asal ng mga bata sa magagandang paraan

Prinsipyo 3.4: Ang mga tagapag-alaga at namamahalang kawani ay magpapasulong sa pakikibagay at kagalingang panlipunan sa lahat ng mga bata

Prinsipyo 3.5: Ang mga tagapag-alaga at namamahalang kawani ay magpasulong sa kakayahang pisikal sa lahat ng mga bata.

Prinsipyo 3.6: Ang mga tagapag-alaga at namamahalang kawani ay magpaunlad sa kakayahan sa wika, pagsulat at pagbasa, pag-uusisa, pagbilang at pang-agham na pagsasaliksik sa lahat ng mga bata

Prinsipyo 3.7: Ang mga tagapag-alaga at namamahalang kawaning ay magsuporta sa malikhaing pagpapahayag sa lahat ng mga bata

---

* Para sa mga layunin ng FDCQA, ang katagang "panahon ng laro" (play session) ay tumutukoy sa sitwasyong may dalawa o higit pang tagapag-alaga na kasama ang kanilang mga anak sa mga larong nagbibigay ng pambatang karanasan. Ang mga panahon ng laro ay maaaring isaayos mismo ng mga tagapag-alaga o ng mga namamahalang kawani

## **Bahagi ng Kahusayan 4 –** Kalusugan, Kalinisan, Nutrisyon, Katiwasayan at Kabutihan sa Buhay

Prinsipyo 4.1: Ang mga kapaligiran ng mga bata ay ligtas sa panganib.

Prinsipyo 4.2: Ang mga pagkain at inumin ay puno ng nutrisyon at nababagay sa kanilang kultura

Prinsipyo 4.3: Ang kalusugan at kaligtasan sa lahat ng bata ay pangangalagaan

Prinsipyo 4.4: Ang pagpapalit ng lampin, paggamit sa kubeta, at paliligo ay magagandang karanasan para sa bata

Prinsipyo 4.5: Ang pangangailangan ng pahinga, tulog, at kaginhawaan ay sinusuportahan

Prinsipyo 4.6: Ang kasalukuyang batas ng Estado at Teritoryo tungkol sa pagkalinga at kapakanan ng mga bata ay pare-parehong ipinapasunod

## **Bahagi ng Kahusayan 5 –** Mga Tagapag-alaga at Namamahalang Kawani

Prinsipyo 5.1: Ang proseso ng paghirang, pagpili at paghahanda sa mga tagapag-alaga at namamahalang kawani ay magpapasigla at sumusuporta sa pagbibigay ng isang mahusay na serbisyo.

Prinsipyo 5.2: Ang pamamaraan ay may sistematikong proseso ng pagmamanman sa kasalukuyang gawi at pagkikilala sa mga bahaging nangangailangan ng patuloy na pagsasa-ayos

Prinsipyo 5.3: Ang mga pagkakataon ng pagpapaunlad sa kakayahang pantrabaho ay bukas para sa mga tagapag-alaga, kawaning namamahala at iba pang kasali sa pangangasiwa

Prinsipyo 5.4: Ang pamamaraan ay nagpapasulong sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho

## **Bahagi ng Kahusayan 6 –** Pangangasiwa at Pamamahala

Prinsipyo 6.1: Ang mga kagawian sa pangasiwaan ay may moralidad at tumatakbo ayon sa batas

Prinsipyo 6.2: Ang pamamaraan ay kumikilos ng may pakikipagtulungan sa mga namumuhunan

Prinsipyo 6.3: Ang pamamaraan ay may mahusay, epektibo at may moralidad na proseso para sa pamamahala ng ulat

Prinsipyo 6.4: Ang pamamaraan ay may madali at maliwanag na proseso sa paghawak ng mga reklamo.

Prinsipyo 6.5: Ang mga tagapag-alaga at mga namamahalang kawani ay epektibong nagpapasulong sa kanilang serbisyo sa loob ng komunidad at aktibong magtayo ng mga ugnayan sa iba't-ibang ahensiya para sa kapakanan ng mga bata at kanilang pamilya

## Ang Komite sa Pagsuring–muli sa mga Desisyon sa Pagkilala (ADRC)

Ang Komiteng Pagsusuri-muli sa mga Desisyon sa Pagkilala (Accreditation Decisions Review Committee - ADRC) ay may panangutan sa pagbabalik-suri ng mga Desisyon sa Pagkilala na ginawa ng NCAC. Ang mga miyembro ng ADRC at hinirang ng Ministrong may pananagutan sa pag-aalaga ng mga bata. Ang ADRC ay hiwalay sa NCAC at malayang gumagawa ng mga rekomendasyon dito.

Ang isang pamamaraan ay maaaring humingi sa ADRC na suriin uli ang kanilang Desisyon sa Pagkilala. Sa pagsusuri-muli ng Desisyon sa Pagkilala tungkol sa isang pamamaraan, pag-aaralan ng ADRC ang mga nakasulat na impormasyon mula sa pamamaraan na nagbabalangkas ng kanyang hiling at lahat ng impormasyong ginamit ng NCAC sa una nitong pagdesisyon sa Pagkilala. Susulatan ng NCAC ang pamamaraan tungkol sa huling desisyon nito at maglalakip ng kopya ng rekomendasyong galing sa ADRC.

May mga dagdag na impormasyon tungkol sa ADRC at kung paano hihiling ng muling-pagsuri sa Desisyon ng Pagkilala ay makukuha sa pagtawag sa NCAC o pagbisita sa website (www.ncac.gov.au)

## Pagtutustos sa Benepisyo ng Pag-aalaga sa Bata at Kasiya-siyang Pakikisali at Pag-unlad sa FDCQA

Upang palagiang maging karapat-dapat mabigyan ng Benepisyo sa Pag-alaga ng Bata, ang mga serbisyong paalagaan ng pamilya sa araw ay kailangang tumupad sa *Benepisyo sa Pag-aalaga ng Bata, Kwalipikasyon ng mga Serbisyong Nag-aalaga sa Bata Upang Maaprobahan at Patuloy na Aprobado, Pagsusuri sa Pagkaamenda 2001, Numero1 (Child Care Benefit (Eligibility of Child Care Services for Approval and Continued Approval) Amendment Determination 2001 (No.1))* na ginawa sa ilalim ng *Isang Bagong Sistema ng Pagbubuwis, Tulong sa Pamilya, Batas ng Administrasyon, 1999 (A New Tax System (Family Assistance) Administration Act 1999)*.

Ang pagkaaproba sa Patuloy na Benepisyo sa Pag-alaga ng Bata (Continued Child Care Benefit) para sa mga serbisyong paalagaan ng pamilya sa araw ay nangangailangan ng pagtupad sa mga kahilingan ng FDCQA na limang hakbang na proseso at ang nakikitang kapanagutan sa pagpapatuloy ng isang kasiya-siyang de-kalidad n/a pag-aalaga sa bata, kasama ang patuloy na pagpapahusay sa pag-aalaga sang-ayon sa Mga Bahagi ng Kahusayan at Prinsipyo na nakasulat sa *Quality Practices Guide* (2004).

Sang-ayon sa *Benepisyo sa Pag-aalaga sa Bata, Pagsuway sa mga Kondisyon para sa Patuloy na Pagkaaprobado, Pagsusuri sa Pagkaamenda 2001, Numero 1 (Child Care Benefit (Breach of Conditions for Continued Approval) Amendment Determination 2001 (No.1)),* ang NCAC ay maaaring mag-ulat, sa tulong ng FDCQA, sa Departamento ng Gobyernong Australya na namamahala sa Chid Care Benefit, sa mga serbisyong hindi sumusunod o nagkakaroon ng hindi kasiya-siyang pag-unlad.

Ang kalihim ng departamento ay maaring magpataw ng mga parusa sa isang serbisyong hindi nakaabot sa mga pananagutan nito sa FDCQA. Ang mga parusa ay maaaring kasama ang pagbibinbin o pagkansela sa Benepisyo sa Pag-aalaga ng Bata (Chid Care Benefit) ng isang serbisyo. Ang mga serbisyong nabinbin o nakansela ang kanilang Benepisyo sa Pag-aalaga ng Bata (Child Care Benefit) ay mawawalan din ng kanilang karapatang bayad na Tulong sa Pamamahala (Operational Assistance).

## Ang FDCQA at ang Batas sa Paglilisensiya

Sa Australya, ang mga gobyerno ng Estado at Teritoryo ay may pananagutan sa batas kung saan pumapailalim ang paglilisensya ng mga pamamaraang paalagaan ng pamilya sa araw. Ang Pambansang Batayan ng paalagaan ng pamilya sa araw ay ginawa at pinagtibay ng mga gobyerno ng Komonwelt, Estado at Teritoryo noong 1997 at inamenda noong 1997. Ang mga Pambansang Batayan sa Paalagaan ng Pamilya sa Araw* *(National Standards for Family Day Care)* ay itinalagang magbigay ng basehan para sa magkakaparehong paraan sa paglilisensya ng paalagaan ng pamilya sa araw.

Sa mga Estado at Teritoryo na may patakaran sa paglilisensya ng paalagaan ng pamilya sa araw, ang paglilisensya ay nagbibigay ng linyang hangganan na ang mga pamaraan o tagapag-alagang nasa ibaba nito ay hindi mapayagang magnegosyo. Ito ay kadalasang kasama ang mga palatandaang madaling masukat katulad ng espasyo, hanay ng mga kagamitan, bilang at gulang ng mga bata, bilang ng mga kawani at katagalan ng kanilang pagsasanay tungkol sa mga unang taon ng pagkabata. Ang mga sangkap na ito ang *makakatulong (contribute)* sa kalidad. Binabasehan ng FDCQA ang mga sangkap na ito upang malaman kung ito ay *nagpapatungo (determine)* sa kalidad. Ang pinagtutuunan ng pansin ng FDCQA ay sa mga kagawian ng mga tagapag-alaga at kawani at ang mga tutuong nakamit na kapakanan para sa mga bata. Inilipat ang pansin mula sa pagtugon sa mga pinakamababang batayan patungo sa patuloy na pagsisikap na marating ang lalong mataas na kalidad ng pag-aalaga.

* Sa mga Estado at Teritoryo na wala pang patakaran ng paglilisensya sa pangalagaan ng pamilya sa araw, ang Pambansang Batayan para sa Pangalagaan ng Pamilya sa Araw (National Standards for Family Day Care) ay magbibigay ng basehan sa mga serbisyo upang matiyak ang proteksyon at kaligtasan ng mga bata sa kanilang pangangalaga. Tingnan sa Department of Family and Community Services (FaCS) Child Care Services Handbook (mabibisita sa FaCS website: www.facs.gov.au/childcare).

Sa kasong may ipinaalam sa NCAC tungkol sa mga problema ng paglilisensya o pangangalaga sa bata kaugnay ng isang pamamaraan na kasali sa FDCQA, magkakaroon ng pag-uusap sa mga nararapat na awtoridad. Kapag nakatanggap ang NCAC ng payo mula sa nararapat na awtoridad na lutas na ang mga problema sa paglilisensya o pangangalaga ng bata , tatanggapin nito na tapos na ang problema. Ang pag-unlad ng isang pamamaraan sa FDCQA ay maaaring maapektuhan kung ang mga problema sa paglilisensya o pangangalaga sa bata ay hindi nabigyang lunas.

## Ang FDCQA at mga Reklamong Natanggap ng NCAC tungkol sa mga Pamamaraang Paalagaan ng Pamilya sa Araw

Bahagi ng mga tungkulin ng NCAC ang pamamahala sa mga reklamo tungkol sa pakikisali ng mga pamamaraan sa FDCQA. Inaamin ng NCAC na karamihan sa mga reklamo o problema ay pinakamagandang direktang ayusin sa pamamaraan. Ang mga pamamaraan na kasali sa FDCQA ay hinihikayat na magbuo at pare-parehong magsagawa nang malinaw na mga proseso sa pamamahala ng mga problema, agam-agam o reklamo. Hinihikayat ng NCAC ang mga nagrereklamo na pag-usapan ang kanilang mga karaingan sa mga tagapag-alaga at kawani.

Ipapaalam ng NCAC sa isang pamamaraan ang mga nakasulat na mga reklamo.

Kung nakatanggap ng impormasyon tungkol sa kagawian ng pamamaraan na nauukol sa Estado/Teritoryo ang patakaran sa paglilisensiya o proteksiyon sa mga bata, ibabalita ng NCAC sa kaukulang awtoridad ng paglilisensya ng Estado/Teritoryo ang ganitong mga problema .

Ang mga problema tungkol sa mga pamamaraang paalagan ng pamilya sa araw ay tinataguriang nalutas na kung ang NCAC ay nasisiyahan na ang kasagutan sa mga problema ay nakakasapat at kung kinakailangan, natanggap na ang payo mula sa nararapat na awtoridad na nagpapatunay na ang paglilisensiya o mga problemang nauukol sa pagkalinga sa mga bata ay nalutas na.

Ang pagpapatuloy ng pamamaraan sa FDCQA ay maaring maapektuhan kung sa akala ng NCAC ay hindi pa nalutas ang mga inihahaing na mga problema.

## Tungkol sa National Childcare Accreditation Council Inc (NCAC)

Sinimulan ang NCAC noong 1993 upang pangasiwaan ang Pagpapahusay sa Kalidad at Sistema sa Pagkilala (Quality Improvement and Accreditation System - QIAS) sa mga sentro na mahabang oras na paalagaan sa buong Australya. Noong 2001 at 2003, ang NCAC ay naging responsable sa pangangasiwa sa Katiyakan ng Kahusayan sa Pangalagaan ng Pamilya sa Araw (Family Day Care Quality Assurance - FDCQA) na sistema sa mga pamamaraang pangalagaan ng pamilya sa araw, at Katiyakan sa Kahusayan ng Pangangalaga sa Labas ng Eskuwela (Outside School Hours Care Quality Assurance - OSHCQA). Mula nang maitayoito, ang NCAC ay namuno at patuloy na namumuno sa pagsulong at pagbigay kahulugan sa mahusay na pag-aalaga sa bata. Ang NCAC ay tumatanggap ng pondo mula sa Gobyernong Komonwelt at ang Pinuno ng NCAC at mga miyembro ay hinirang ng Ministro ng Komonwelt na responsable sa pag-aalaga ng mga bata.

Ang NCAC ay isang pambansang samahan at ang mga miyembro nito ay pinili mula sa hanay ng mga Estado at Teritoryo at mga sektor sa loob ng propesyon ng pag-aalaga sa mga bata at mga kaugnay na trabaho.

Nilalayon ng NCAC ang sumuporta at paunlarin ang kalidad ng pag-aalaga ng mga bata na ibinibigay ng mga serbisyong pambata sa Australya at tinutulungan ang mga tagapagdulot ng pag-aalaga sa mga bata at mga pamilya sa mga payong kinakailangan nila upang matiyak na mabigyan ng mahusay na kalidad ng pag-aalaga ang lahat ng mga bata sa Australya.

Ang mga katungkulan ng NCAC ay binubuo ng Pagkilala sa mga pamamaraang pangalagaan ng pamilya sa araw na nakikisali sa FDCQA, ang pangalagaang serbisyo sa labas ng eskuwela sa Australya na nakikisali sa OSHCQA at ang mahabang pang-araw na sentro ng pangangalaga na nakikisali sa QIAS; at tagapayo sa Komonwelt tungkol sa pakikisali at pag-unlad ng mga pamamaraan sa pang-araw na pangangalaga sa pamilya ng FDCQA, mga serbisyong OSHCQA at mga sentro sa QIAS.

Ang mga layunin at pangako ng NCAC sa kanilang kliyente ay nakabalangkas sa kanilang *Karta ng Paglilingkod sa Kustomer (Customer Service Charter)* na makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa NCAC o sa pagpunta sa NCAC website (www.ncac.gov.au).

## Dagdag na impormasyon

Para sa impormasyon tungkol sa mga palatandaan sa kalidad ng FDCQA at mga batayang kinakailangan sa Pagkilala (Accreditation), tingnan ang FDCQA *Quality Practices Guide* (2004) o puntahan ang website ng NCAC.

Ang FDCQA *Handbook* (2004), FDCQA *Quality Practices Guide* (2004), FDCQA *Self-study Report* (2004) at FDCQA *Validation Report* (2004) ay maaaring mabili sa NCAC.